

Filipino A: literature – Higher level – Paper 1
Filipino A : littérature – Niveau supérieur – Épreuve 1
Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 1

Wednesday 4 May 2016 (afternoon)

Mercredi 4 mai 2016 (après-midi)

Miércoles 4 de mayo de 2016 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

Instructions to candidates

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a literary commentary on one passage only.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

Instructions destinées aux candidats

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire littéraire sur un seul des passages.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[20 points]**.

Instrucciones para los alumnos

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario literario sobre un solo pasaje.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.

Sumulat ng komentaryong pampanitikan sa alinmang isa sa dalawang sumusunod:

1.

- DATI NIYANG PANGARAP NA MAGING porter. Hindi pa siya nagsisinsil noon at hindi pa rin siya napapadpad sa Maynila. Dalawang beses isang linggo ang dunggo ng barko sa Nasilhig¹, at katulad ng mga porter, kasama niya ang iba pang mga bata sa pag-aantabay ng barko sa pantalan. Hangang-hanga siya sa mga porter. Hindi pa man dumudunggo ang barko sa pantalan, manunulay na ang mga ito sa mga lubid at tatalon na sa barko. Parang mga langgam ang mga ito na nag-uunahan sa isang tipak na asukal. Yung iba'y makabababa agad pasan-pasan ang mga kahong halos mas malaki pa sa kanila o kaya'y mga bag na nakasukbit sa kaliwa at kanang balikat; nakasalampay sa likod at bitbit ng magkabilang kamay. Yung medyo minamalas-malas, e naiiwan sa loob ng barko na parang hilong talilong sa paghahanap ng magtitiwala sa kanilang mukha. Lulugu-lugo itong bababa at maghihintay na lang sa pag-alis muli ng barko at baka sakaling may magpakarga ng bagahe. Subalit ang mga ganitong sandali'y parang pamimingwit ng pantat sa dagat. Suwerte na kung may umakyat ng barko at kung mayroon man, suwerte na rin kung magpaporter pa. Ang pinakamagagawa na lamang, e maghintay ng tatlong araw para sa susunod na pagdunggo ng barko.
- Ang pagpondo ng barko ang pinakahihintay ng mga bata. Wala namang mapaglilibangan sa Nasilhig. Ang piyer nga lang ang may maayos na ilaw. Kaya ang mga pasaherong naiiwan sa barko ay tutunganga na lamang mula sa pasilyo ng barko. Pupuwesto sina Buboy sa tapat niyon at mag-aabang na sila ng mga sinsilyong ihahagis ng mga naiinip na pasahero.
- "Mam! Diri, mam!"
- Kling. Klang. Kling.
- "Sir, diri pud, sir!"
- Kling. Klang. Kling.
- Nag-uunahan sila. Nagbabalyahan, naghahablutan ng t-syirt. Nagkakandudulas. Nagkakaumpugan. Nagkakabangasan. Nangungudngod. Nababagok... natitigok.
- Kaya tumigil na rin si Buboy. Mabigat na ang sinsilyo sa t-syirt niyang sinalikop sa laylayan para magsilbing bulsa. Gayun din ang mga kapwa niya bata. Umaambon-ambon noon. Lapok² at madulas ang pantalan. Noon lang din umulan ng ganoon karaming sinsilyo sa pantalan ng Nasilhig. Bagamat namimitig na ang mga binti nila sa paghabol sa mga pumaplakda at gumugulong na sinsilyo, hindi maitatago ang katuwaan nila. At humihingi pa rin sila.
- "Hey, sir, mam! Kuyns! Kuyns!"
- Kling. Klang. Klang.
- "Kuyns! Kuyns! Kuyns!"
- Kling. Klang. Klang.
- Halos malulon naman ang pantalan ng babaeng nakalingkis sa isang Kano, sa laki ng halakhak nito. Humingi pa ng barya ang babae sa kasama. Dumukot ang hiningan pero wala nang nakapa sa bulsa. Dinukot ang walet sa puwitan ng Levis. Nanlaki ang mga mata ng mga bata. Isinayaw muna ng hangin ang berdeng papel. Marahang inilipad papunta sa kalumpon ng mga bata. Subalit nagbiro ang hangin. Sumunod ang kawan ng mga bata. Ang pagitan ng barko at pantalan ang napiling *landingan* ni dating President Washington³. Narinig ang isang munting isplash.
- Ipinangako ni Buboy sa puntod ni Unday na pupunta siya sa Maynila at babalik para kuwentuhan ito ng matataas na bilding at pagkalaki-laking perya. Ang mga ito ang pangarap na laging ibinibida nito sa kanya bago nalunod ang nakababatang kapatid. Pangarap nga raw ng kapatid na maging anghel. Gusto nitong magkapakpak para makalipad sa matataas na bilding at pagkalaki-laking mga perya.
- Kaya pinangarap din ni Buboy na maging porter. Gusto niyang makarating sa Maynila.

German V Gervacio, *Sinsil Boys, Ang Labingtalong Pasaway* (2014)

-
- ¹ Nasilhig: pangalan ng isang barrio sa Visayas. Sa wikang Cebuano, “nawalis” ang ibig sabihin ng “nasilhig”.
 - ² Lapok: sa wikang Cebuano “putik” ang ibig sabihin ng “lapok”
 - ³ President Washington: isang dolyar

2.

Mga Nanay sa Dalampasigan ng Maybato

- Kada umaga sa Maybato
Dinadala ng mga nanay ang kanilang sanggol
Sa tabing-dagat
Para pahalikan sa kagigising na araw.
- 5 Ritwal ito ng pagpapatibay
Ng mga buto't laman ng kanilang supling.
- Habang dinuduyan nila sa kanilang yakap
At pinapaawitan sa maliliit na alon
Na napipisa sa dalampasigan
- 10 Ang kanilang mga anak,
Magpapalitan sila ng mga kwento
Tungkol sa kanilang mga buhay-buhay.
- Pag-uusapan nila ang pinakahuling liham
Ng kanilang mga banang
- 15 Karpintero sa Saudi Arabia
O marinero sa Japan o Tsina.
Saka magpapalitan sila ng kurokuro
Kung bakit ilang linggong naaantala ang pagdating
Ng kanilang *allotment*
- 20 At bakit ganoon na lamang kalaki
Ang binabawas ng mga *agency* sa Manila.
- Pagkatapos sabay-sabay silang matatahimik.
Pagmamasdan nila ang tangan-tangan nilang sanggol,
At masuyong hahalikan ang ilong, kilay at labi nito
- 25 Na katulad ng ilong, kilay at labi na pamilyar sa kanila
At ngayo'y pinanabikan na nila.
A, sasabihin nila sa kanilang sarili,
Matutuwa nito ang kanilang kabiyak
Kapag makita itong kanilang bunso
- 30 Sa pag-uwi nila sa susunod na taon.
- At parang may bolang buhangin
Ang bumabara sa kanilang lalamunan
Habang pinanonood ang mga katulad nilang maybahay
Na tumatakbong may dalang banyera at baldi
- 35 Para salubungin ang mga bangkang dumadaong.
- Titingalain nila ang araw
At mapapaluha ang kanilang mga mata.
Magkakasundo sila na masyado nang mainit
Kaya oras na para umuwi.
- 40 Sa kanilang kwarto
Padededehin nila ang kanilang sanggol
Habang muling binabasa ang liham
Ng kanilang mga banang nasa ibayong-dagat.

John Iremil E Teodoro, *Maybato, Iloilo, Taft Avenue, Baguio, Puerto* (2003)